

Chapter One



May hangover siya nang magising. Nag-celebrate siya ng kanyang ika-thirtieth birthday nang nagdaang gabi at nauwi iyon sa dami ng alak na kanyang nainom. Paanong hindi, sobrang malayo sa mga plano niya sa buhay ang nangyari.

The plan was to get pregnant before she reached thirty. Pero ngayon, heto si Pinky, treinta años na at hindi pa rin nabubuntis. Wala pa rin siyang anak. Malayo sa pag-aasawa ang takbo ng kanyang mga plano.

Ang problema lang, hirap siyang makakita ng prospect na 'donor'. Iyon ang tawag nila ng kaibigang si Lovella sa ama ng kanyang future child. Hindi siya nagkaroon ng nobyo kahit minsan kahit pa patok ang mala-Korean features niya sa kalalakihan. She never had the courage to get into relationship even with suitors who were likeable.

Desidido si Pinky sa planong magpapabuntis na lang pagdating ng araw.

“Ano’ng plano mo? Maghanap ng aplikante? At kung iyon lang ang balak mo, bakit hindi mo na gawin ngayon?” tanong ni Lovella noong nalaman nito ang kanyang plano.

“Hindi ako nagmamadali. Kailangang masigurong kaya ko na financially. Saka na ako maghahanap ng prospect.”

“Aba, para ka lang maghahanap ng condo kung makapagplano. Baka may particular qualification ka pa?”

“Siyempre.” Pinandilatan niya ito. “Kailangan galing sa mabuting pamilya. Walang criminal record. Walang sakit. At higit sa lahat, dapat guwapo. Mamimili na nga lang ako, di ba? At para pag ginawa ko na iyong ‘ultimate act’ ay ma-enjoy ko naman.”

“Sex ang tawag d’on. May nalalaman ka pang ‘ultimate act’ diyan. Ewan ko sa ’yo. Nababaliw ka yata. Wedding organizer na ayaw magpakasal kaya’t magpapaanak na lang?” Iningusan siya nito.

That’s the irony of her life, Pinky was a wedding organizer who never wanted to get married.

Hindi naman sa binabale-wala niya ang sakramento ng kasal. Takot siya na baka hindi siya maging isang mabuting asawa. Sa pagkakatanda niya, wala ni isang miyembrong babae sa pamilya ng mommy niya ang sinuwerte sa kanilang buhay may-asawa.

Pinakahalimbawa na lang ang mommy niya, na sa mga oras na ipinagle-labor si Pinky saka malalamang may kabit ang asawa nito. Who was also in labor at the very same hospital! Pinatawad

ng kanyang ina ang daddy niya, ngunit ayon dito ay hindi nito gagawin iyon kung hindi lamang naipanganak si Pinky isang oras bago ang anak ng kabit nito.

Hayun, dahil sa isang oras na iyon ay napagbigyan siya na magkaroon ng pagkakataong makapiling ang ama. Na wala rin namang silbi dahil hindi niya maalala ang mga panahong iyon sapagkat pagkalipas lang nang ilang buwan, nalaman ng mommy niya na may ibang babae na naman ang asawa nito. And it was the last straw. She cut him from their lives and Pinky was never allowed to ask about him.

Pinky grew up never knowing her father. But upon his death, nakilala niya ang pito niyang mga kapatid sa ama na magkakaiba ang mga ina.

Iyon ang pamana ng daddy niya sa kanya, a share of more than three hundred thousand pesos and several strangers who shared her name.

Mula sa perang iyon ay nasimulan niya ang maliit na negosyo. Hindi sa nangangarap siya ng happy wedding para sa sarili, nagkataon lang na ito ang angkop sa kanyang kakayahan. High school pa lamang ay nahasa na ang kakayahan ni Pinky sa pagde-design at pagtahi mismo ng mga gowns. Malikot din ang imahinasyon niya kaya pagdating ng college, nag-organisa na siya ng mga parties para sa mga kaibigan. Nang irekomenda siya ng

mga ito para i-organize ang isang kasal, doon nagkaroon ng ideya ang dalaga na ito ang puwede niyang pagkakitaan habang-buhay.

At sa loob ng mga taong lumipas, iyon ang pinagkaabalahan niya, kahit nang magtapos na siya ng kolehiyo. Pero dahil sa kakulangan ng puhunan ay naging freelance lang siya. She gained several contacts and a few friends in the business who were willing to hire her services due to lack of time.

Isa sa napalapit sa kanya si Lovella na may sariling shop ng mga party tokens na ito mismo ang gumagawa.

Nang matanggap niya ang naiwang pera sa kanya ng ama, mas excited pa si Lovella dahil nga puwede na siyang magsimula ng sarili niyang boutique. Pilit niyang sinu-suppress noon ang excitement siyempre dahil ayaw niyang isiping nagsasaya siya sa perang galing sa patay.

Lovella glared at her one time na nag-e-emo siya. *“Ikaw pa ang magi-guilty? Pangalawang pagkakataon na nga lang na may nagawang pabor sa iyo ang ama mo, kaya dapat sunggaban mo na! Make something out of it!”*

Kunot-noong napatingin si Pinky rito. *“When was the first time?”*

“The night they made you, dummy!”

Kinabukasan, kasama niya si Lovella na naghanap ng mauupahang space para sa itatayong

negosyo. Sa loob ng ilang buwan ay nag-struggle ang business niya, hanggang sa dumating ang isang pagkakataon nang kunin ang serbisyo niya ng kaibigan ni Bianca Lanuza, isang sikat na host ng isang lifestyle show sa TV. Bianca fell in love with the wedding gown, and she expressed her appreciation with the concept of the beach wedding kung saan maging ang mga miyembro ng choir ay nakadamit-sirena. When the show host announced her upcoming wedding, hindi nakapagtata kang si Pinky ang kinuha nito.

She felt like floating on air during the first few days. Ito na, ang kanyang ticket to success.

Bukod sa sikat si Bianca, idagdag pa na ang groom ay ang sikat na actor na si Hugo Vasquez. Isa ito sa tatlong anak na lalaki nina Butch at Liv Vasquez na may-ari ng *Liv Network* kung saan din nagtatrabaho si Bianca. O di ba, bongga!

Noong unang makadaupang-palad niya ang groom, she almost abandoned the idea of never getting married as long as si Hugo Vasquez ang groom! But she was just kidding herself. Nang mahimasmasan sa kilig, she knew the thought of being married to anybody scared her shitless.

Iyon ang pamana ng nanay niya sa kanya. Her mom managed to rub her own bitterness in life on her daughter at hindi matanggal iyon kahit makailang ligo si Pinky.

Lovella didn't help at all.

“Girl, alam kong taliwas sa code of ethics natin ito, pero kung ay balak ka rin lang magpaanak, piliin mo na! Siya na! Siya na!” Umakto pa itong tumitirik ang mga mata sa kilig.

Mabuti na lamang at matapos ang fitting ng lalaki sa tuxedo nito ay hindi na niya muli kinailangan ang presence nito. She only had to deal with the excited bride.

Napailing si Pinky para ipaalala sa sariling hindi pa huli ang lahat. Hindi porque't narating niya ang edad na treinta ay susuko na siya. Siguro ito talaga ang nakatakdang mangyari, ang maging successful muna siya bago magkaanak nang sa gayon ay mabigyan niya ng magandang kinabukasan ang kanyang magiging anak.

Napatango pa siya na parang kinukumbinsi ang sarili.



Pinky was feeling elated. Ito na ang araw na matutupad ang pangarap niya. Ang kasalang ito ang magiging daan at makikilala siya bilang wedding organizer.

Halos napapapikit pa siya sa excitement habang inililibot ang paningin sa loob ng simbahan at nakikita ang maraming miyembro ng press na nagkalat doon. If this turned out to be a big success, aba'y successful na rin ang career niya!

Abot-kamay na niya ang tagumpay. Ilang oras na lang, magiging laman ng balita ang kasalang Vasquez-Lanuza. At kasama roon ang pangalan ni Pinky Estoesta.

Umugong sa loob ng simbahan nang malaman ang pagdating ng bridal car.

Halos mapasayaw siya sa saya. Ilang sandali pa, nagsimula na ang martsa.

Hanggang ngayon, natutulala pa rin si Pinky sa tuwing nakikita ang guwapong groom.

Behave, paalala niya sa sarili. Pinagsawa na lamang ang tingin sa lalaking marahil ay palihim na iniinyakan na ngayon ng ilang kababaihang naghahangad dito.

Ngumiti ang lalaki sa dako ng cameraman.

Napakuyom ang mga palad ni Pinky. Naku po! Ang guwapo talaga! Kuhang-kuha ang features ng Arabong lolo nito sa ina. Ang malalalim na mata pa lang ay parang hinahatak na siya...

“Dumating na raw ang cake sa reception.”

Halos mapatalon siya sa gulat nang marinig na nagsalita ang assistant na si Rose.

“Okay,” aniyang pinulot ang bag sa sahihig. “Everything is going well here. Ikaw na ang bahala at pupuntahan ko ang reception. Tawagan mo lang ako kapag may kailangan ka.” Nasa reception naman si Lovella para tulungan siya, pero gusto niya rin kasing ma-supervise ang mga bagay.

Tahimik na lumabas siya ng simbahan para hanapin ang kotse.



Of course he was content. Sino ba naman ang hindi? He was going to marry an ideal woman. Beautiful, smart and successful on her own. Isang taong sigurado siyang hindi pera lang ang habol sa kanya.

Sa mahigit isang taong nakasama niya si Bianca, alam ni Hugo na ito na ang babae para sa kanya. He was not actually the romantic type. But he believed in the sanctity of marriage. His parents' case was a lot different because those two were still obviously in love with each other sa kabila ng tatlumpu't-walong taong pagsasama.

Hindi na siya nangarap ng parehong kaso dahil alam niyang iilan na lang ang masuwerte sa pag-ibig sa panahon ngayon. Ang mahalaga ay ang respeto sa isa't isa ng mag-asawa.

He and Bianca got that. And they had great time in bed together. That's all that matters. Hindi sila maghahanap ng iba pa. For sure, their marriage would be successful. They started as friends and eventually turned into lovers. That's the perfect start.

Inayos niya ang pagkakatayo. Sa wakas, matatapos na rin ang martsa ng pagkarami-raming mga abay. Nakita niya sa dulo si Bianca. Nagbago

ang tema ng musika na angkop para sa babaeng ikakasal.

When the bride was halfway through the altar, nahugot ni Hugo ang hininga. Sa kabila ng suot na veil, naaninag niya pa rin ang mukha nito. Ang mga mata nito.

Something wasn't right.

Nang sa wakas ay marating ng mga ito ang altar, nakipagkamay siya sa ama ni Bianca. Inilahad niya ang braso kung saan isinukbit ng babae ang nanginginig na kamay nito.

"We need to talk," bulong nito.

Napangiti si Hugo. Ngunit hindi iyon abot sa kanyang mga mata. Something was definitely wrong. Bigla, pakiramdam niya ay binalot ng yelo ang kanyang buong katawan. When he spoke, even his voice was cold.

"If this is your idea of a joke, it is not funny."

"Hugo, please." Humigpit ang kapit nito sa kanya at mas inilapit ang bibig sa kanyang ulo. "Do you even love me?" desperadong tanong nito.

"Of course I love you. 'Andito ba naman tayo kung hindi? Will you relax, please?" Nagngangalit na ang mga ngipin niya.

Halata ang discomfort ng paring naghihintay sa kanila. Ang mga tao sa kanilang likuran ay nagsimulang magbulungan.

"This isn't right," ani Bianca.

“No. What you are doing isn’t right,” he hissed.

“We can’t get married. It would be a mistake.”

There, she said it. Parang umakyat lahat ng dugo sa ulo ng lalaki. Damn, wasn’t this the perfect time to be an ass? Tumingin siya sa babae at parang gusto niyang kalimutan lahat ng kabutihang-asal na natutunan niya mula pagkabata.

“Is that your final decision?” malamig na tanong niya.

“Yes,” bulong nito, sabay tango at noon niya napansin ang pagdaloy ng luha sa pisngi nito.

Gumuho man ang lupang kinatatayuan niya ngayon, alam ni Hugo na hinding-hindi siya magmamakaawa sa babae para bawiin ang sinabi nito. His pride was too hurt to do that.

Halos lahat ng tao sa simbahan ay hindi makapaniwala nang iwaksi niya ang kamay ni Bianca at nagsimulang magmartsa. Palabas ng simbahan.



Kasalukuyang hinahanap ni Pinky sa bag ang susi ng kanyang sasakyan nang tumunog ang cellphone niya. Ang bulok na sasakyan ay ipinahiram lamang ni Lovella sa kanya ngayong araw.

Saktong nakapa niya ang susi sa kasuluk-sulukan ng bag ay sinagot naman ng isang kamay ang cellphone.

“You’re not gonna believe what happened!”
histerikal ang boses na sabi ni Rose sa kabilang linya. Pero hindi na niya naintindihan ang sumunod na sinasabi nito sa dahilang ang mga mata ay nadako sa labas ng kotse.

Nakita niya ang groom na mabilis na naglalakad sa parking lot at palinga-linga na komo naghahanap ng kotseng maka-carnap.

Nabitiwan niya ang hawak na cellphone at wala sa sariling binuksan niya ang pinto at lumabas ng kotse.

Obviously, naghahanap ang lalaki ng gagamiting kotse para makaalis. Wala itong sariling sasakyang dala dahil inihatid lang ito ng pamilya sa simbahan.

He noticed her at last. At may kung anong kislap sa mga mata nito nang mapagsino siya bilang wedding planner nito.

She watched in horror as he walked purposely toward her.

He yanked the passenger door open, got in and waited for her to do the same.

Ngunit nanatiling nakatayo sa labas ng kotse si Pinky na para bang ayaw mag-function nang maayos ng kanyang utak.

“Please get inside and get me out of here. O kung ayaw mo, you can let me borrow your car keys instead.” The voice was gruff when he spoke.

Dahan-dahang pumasok ng kotse si Pinky at napatitig lang sa binata.

There was no way she was going to hand over the keys to the man who's got that crazed look in his eyes.

Ang mga tao yata sa simbahan ay parang biglang ngayon lang natauhan. Nakita nila ang patakbong paglabas ng mga miyembro ng media at ilang panauhing dumalo. Lahat ay hinahanap ang groom.

“Oh, my gosh!” di-makapaniwalang bulong niya. “Kailangan mo nang bumalik sa loob.”

“Drive.”

The same gruffness in his voice made her start the car.

“Bilis!”

Ilang sandali pa'y binabaybay na nila ang kalsada.

Halos sasabog ang ulo ng dalaga sa halu-halong emosyon at sa dami ng katanungang bumabalot sa kanya. Sa sobrang kalituhan, hindi niya namalayang umiiyak na siya.

“Why the hell are you crying?” he snapped.

“You just ruined my whole career!” tangis niya na hindi na ito sinulyapan.

“Huwag mong masyadong problemahin ang nagastos mo dito. Babayaran ko lahat at may bonus ka pa kapag hindi tayo nasundan ng media.”

Sa sobrang inis sa narinig ay lalo siyang napaiyak. Galit na itinigil ni Pinky ang kotse sa gitna ng kalsada. “Out!” asik niya sa lalaki. “Hindi pera ang iniyakan ko! This wedding was my ticket to success but you just had to ruin it, didn’t you?”

“Oh, yeah,” he sneered. “I walked out of the church because I suddenly realized it would be fun to ruin my wedding planner’s career!”

Inirapan niya ito. Ginaya siya ng lalaki.

“The bride decided she didn’t want to marry me. What was I supposed to do? Grovel at her feet? Will you just drive, damn it!”

Napakunot-noo si Pinky pero wala na siyang panahong mag-isip dahil nagsimulang bumusina ang mga sasakyang nasa likuran nila.



Maybe it was the tears blocking her vision. O kaya ang pagkalito sa mga nangyayari. Hindi pa rin lubos na napoproseso sa utak niya ang namagitang usapan sa kanila.

Nang makita niya si Hugo sa labas ng simbahan, kaagad niyang naisip na nag-walk out ito sa kasalan. Pagkatapos bigla nitong sasabihin na si Bianca ang umayaw.

Si Bianca, aayawan si Hugo sa altar? Funny. Pampelikula.

But funny or not, she’s not happy right now. Pakiramdam ni Pinky ay nabagsakan siya ng langit.

How could they? How dare they do this to her?

Laro lang ba ang turing ng mga taong ito sa usapang kasalan? She'd invested all of herself in this project at sa isang iglap ay guguhong lahat.

Puno ng hinanakit na pinukol niya ng matalim na sulyap ang katabing lalaki na hayun at sintigas ng bato ang ekspresyon ng mukha.

It was that very brief glance that caused the accident.

Hindi niya napansin ang truck na manggagaling sa kaliwang panig. Huli na nang makita niya ito.

Narinig pa ni Pinky ang sariling pagtili. Ngunit nagawa niyang iyuko ang ulo bago naramdaman ang pagsalpok ng kotse sa malaking sasakyan.



Chapter Two



Kinabukasan na nang magising sa ospital si Pinky at maalala ang mga pangyayari. After discussing with Lovella what happened, kaagad niyang pinakiusapan itong bumili ng dyaryo.

She groaned in despair nang mapagtantong talagang palpak ang proyektong inakala niyang magsisimula ng makulay niyang career.

Narinig niya ang pagbukas ng pinto at napatingin siya roon. A very forlorn Hugo came into the room.

Sinuri niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa, pabalik sa mukha ng lalaki.

“Congratulations!” palatak niya. “I can see you survived without a scratch.” Nakita niyang namula ito na animo’y nahihiya.

“Siguruhin mo lang na ang kuwartong ito ang pinakamahal sa ospital na ito. Para hindi ko naman isiping tinitipid mo ako.” Her voice was too casual. Too casual na hindi maiwasang mas magdulot iyon ng kaba sa lalaki.

“I’m really sorry.”

“Oh, yeah... ‘that’ word. I knew that’s what I’m gonna hear from you. ‘I’m sorry,’” she mimicked, “And what? You’re sorry, so what? May magic ba

ang salitang iyan? Maaayos ba niyan ang lahat ng sinira mo?”

Nahugot ni Hugo ang hininga, na para bang ito mismo ay nagpipigil ng galit. Biglang bumalik sa isipan ng dalaga ang asal nito sa kanya nang nagdaang araw. He'd been gruff and arrogant. Hah, subukan lang nitong taasan man lang siya ng boses, tutusukin niya ng karayom ang mga mata nito!

But after a few moments of silence, narinig niya ang boses ng lalaki. Malayung-malayo sa boses nito noong huling nagkasama sila. He truly sounded sincere. “I understand you're upset. Kasalanan ko ang lahat ng ito at handa akong gawin lahat para maayos ang sitwasyon mo.”

Nag-iisip pa lamang siya ng pambara rito nang pumasok si Lovella na may dalang pagkain at newspaper na ipinabili niya.

“Oh!” Nagulat pa ito nang makita ang lalaki. “Dinala ko lang ito.” Iniabot nito sa huli ang pahayagan saka halos kinikilig na nagpaalam.

“Let me set this aside for you—” Nabigo ang tangka nitong pagtago sa dyaryo nang ilahad niya ang kanyang kamay.

Nag-aalanganin na ibinigay iyon ng binata sa kanya.

At hayun sa front page ng tabloid, ang pagkalaki-laking larawan ni Pinky na hula niya ay kinuha mula sa kanyang *Facebook* account. Sa

dinami-dami ng pictures na puwedeng kunin, iyon pang na-tag lang sa kanya ng isa sa mga kaibigan minsang nag-beach sila.

Pulang two-piece swimsuit pa ang suot niya sa larawan!

Halos magkandaduling-duling ang mga mata niya habang pinadadaan ang mga ito sa laman ng balita. Hindi niya naman talaga iyon mabasa pa dahil sa kalituhan. Ang tanging pumapasok sa kanyang isipan ay ang mga salitang ‘nag-walk-out, kalaguyong wedding planner’, etcetera.

Kinuyumos ng kanyang mga kamay ang dyaryo, dahan-dahang tumingin sa lalaki.

He looked guilty as hell.

“I’m going to kill you,” she said quietly.



Kung hindi lang pumasok ang doctor at nurse sa kanyang hospital suite ay baka tinangka na niyang patayin ang lalaki sa sobrang inis. Sinuwerte lang ang impakto na nagpaalam at sinabing babalik na lang.

“Huwag kang lalayo masyado, ha?” malambing na sabi ni Pinky, pero kabaligtaran sa reaksyon niyang kuyom na kuyom ang mga kamay sa nilamukos na dyaryo.

Pagkaalis ng doctor at nurse ay pumasok si Lovella.

“Hanapan mo ako ng pinakamagaling na

abogado!” kaagad na sabi niya.

“OA ka naman!” Tinapik siya nito sa braso. Pagkuwa’y isiniksik nito ang sarili sa sofa roon at itinaas pa ang mga kamay bago niyakap sa sarili. “My gosh! Ang guwapo-guwapo niya talaga!”

Binato ito ng dyaryo ni Pinky. “Konting respeto naman! Tingnan mo ako! Lamog ang legs ko! May pasa ang halos kalahating parte ng mukha ko, at nariyan kang nagtititili sa kriminal na iyon!”

Sinapo ni Lovella ang bibig para pigilin ang tawa sa narinig na sinabi niya, dahil mas OA nga naman iyon.

“Seriously, Lovella, kailangan ko talaga ng abogado. Anlaki ng nagastos ko sa kasal, ’tapos mawawalan ako ng kapasidad na magtrabaho nang maayos nitong susunod na buwan dahil kailangan kong ipahinga ang kaliwang paa ko. And to top it all, sira ang reputasyon ko sa buong Pilipinas! Sinong matinong tao pa ang kukuha sa serbisyo ko, lalo na ang mga bride? Oh, gosh!” Nasapo niya ang mukha. “Hindi pa rin ako makapaniwala. Pilit kong pinaniniwala ang sarili ko na masamang panaginip lang ito!”

“Girl, Hugo will take care of everything. Ang gastos, ang pagpapaliwanag sa media, ang pag-aalaga sa iyo hanggang sa gumaling ka na. You could try listening to him instead of threatening him with murder.” Sa wakas ay kumalma na ang

kaibigan.

“Hugo.” Napatango si Pinky. “So, kelan pa kayo naging first name basis? Habang kinukumbinsi ka niya na kumbinsihin ako na huwag magdemanda?”

“Hoy! Kung makapagsalita ka, akala mo ikaw lang ang may damage. Hindi mo pa nakita hitsura ng kotse ko! When I saw it, akala ko patay ka na. O, hindi naman ako nag-aalboroto, ah! He said he’s going to take care of it, so problem solved.”

“Oh my!” Kunwa’y nasapo niya ang bibig at hiyang-hiya. “I’m so sorry. I’m so sorry na nadale ang bulok mong kotse. Mas malaki nga naman ang damage nito kesa sa damage sa reputasyon ko!” Pinandilatan niya ang kausap.

Parang saka lang natauhan si Lovella. “I’m sure maaayos din ito.”

“Can you do me a favor? Puwede kayang turukan mo ako ng pampatulog at saka mo na ako gisingin kapag ‘maayos’ na ito? I am so scared to look at another newspaper. Ayokong makarinig ng balita. Parang ayoko pa ngang lumabas ng kuwartong ito. Nakakahiya, Love, nakakaloka!”

“I believe Hugo is doing his best to look for Bianca Lanuza dahil siya mismo ang magsasabi na wala kang kinalaman sa hindi pagkakatuloy ng kasal.”

Biglang natahimik si Pinky.

“Hoy!” Tinapik siya nito.

“Nababaliw ba ang babaeng iyon?” parang hangin ang kausap na tanong niya. “Imagine, abot-kamay niya na nga, pinakawalan pa? Tanga, ’no?”

Lovella smiled knowingly.



Kailangan niyang mahanap ang dating fiancée na nag-disappearing act. Maging ang mga kapatid niya ay ginagawa na rin ang makakaya upang tulungan siya.

Selfish bitch!

Hindi maiwasang magkunot na naman ng noo si Hugo. He thought he knew her well, but how wrong he was! Hindi niya alam kung ano ang nagawa niyang kasalanan kay Bianca. Kung may pag-aalanganin ito noon pa man, sana ay hindi na ipinaabot sa altar ang desisyon nito. At ngayon, ito pa ang may ganang magtago na parang ito ang kawawang ‘biktima’ sa mga pangyayari.

Sigurado siyang narinig nito ang tungkol kay Pinky Estoesta, at kung paanong ito ngayon ang sinisisi ng publiko sa hindi pagkakatuloy ng kasal. Ang babae na ang tanging kasalanan lamang ay ang hindi mahanapan kaagad ang susi ng kotse habang nasa parking lot.

Naawa siya kay Pinky dahil naintindihan niya ang epekto ng mga pangyayari sa career nito. Umaasa siyang makumbinsi niya itong umayon sa mga plano niyang manahimik muna. But judging

by her reaction to him this morning, it would be a hard task to convince her to even listen.

Nasapo ng binata ang kanyang mukha. Kasalukuyan siyang naka-park sa garahe sa bahay ng kapatid na si Falco. Dito niya naisipang dumerecho nang mapagod sa pagda-drive kanina.

Hindi siya puwedeng umuwi sa sariling bahay o kaya ay sa bahay ng mga magulang dahil may mga nag-aabang na media people doon.

Nagulat siya nang marinig ang pagkatok ng kapatid sa bintana ng kotse. Ibinaba niya iyon nang ilang pulgada, sapat upang marinig ang sasabihin nito.

“Hindi ka ba papasok?”

Umiling si Hugo.

Nagkibit-balikat ito. “Call Mom, she’s worried.”

At nang makita ang pagtango niya ay tumalikod na ito para pumasok sa bahay nito.

Lahat sila ay nag-aalala, pero pasimple lang ang mga kapatid na sina Falco at Ulric. Hindi naman kinailangang magpaliwanag nang maigi ni Hugo sa mga ito. He simply told them what Bianca did at naintindihan na ng dalawa. Still, it was hard seeing the pity in their eyes.

Kumpara sa dalawa na ine-enjoy maigi ang kanilang bachelorhood, siya ang pinaka-open ang isipan pagdating sa kasal. And look at what happened to him.

Nakaramdam ng uhaw si Hugo at nagdesisyonang pumasok na rin sa bahay ng kapatid niya.

“By the way,” ani Falco nang maabutan niya ito sa kusina, “how’s the girl?”

Napangiti siya nang mapait at tumungga muna ng tubig bago sumagot. “She’s got an impaired leg, bruised face and a burning desire to kill me.”

Hindi nito napigilan ang matawa nang mahina. “Can’t say I blame her. Nakita niya na ang mga dyaryo?”

“Just one, I believe. The one with the two-piece swimsuit.”

“I like that one.”

Inirapan niya ito.

“Bianca’s family is mum on the subject. They are not helping at all,” patuloy ni Falco. “Kung hindi pa lalabas si Bianca, kawawa iyong wedding organizer mo.”

“Her name’s Pinky,” parang wala sa sariling sabi niya.

“Well, Pinky. Yes. Anyway, makabubuti siguro kung sabihan mo siyang huwag munang magbubukas ng social network sites niya, baka atakehin siya sa puso.”

“I don’t think makikinig siya sa kahit anong advice mula sa akin.” Pareho silang napatigil nang tumunog ang cellphone niya.

Si Ulric ang tumatawag. He found Bianca.



Excited na pumasok si Lovella sa kanyang kuwarto para sabihing nasa TV si Bianca.

“Just tell me what you know. Huwag mong buksan iyang TV at ayokong bigla na lang makita ang mukha ko diyan sa screen.”

“Well, basta nagsabi na si Bianca na siya ang may desisyong huwag ituloy ang kasal at wala ka talagang kinalaman doon. In fact, she did her best to clear your name at paulit-ulit ding nag-apologize. I heard that *Liv Network* has threatened her with a drastic career change kung hindi kaklaruhin ang pangalan mo. Anyway, the whole exclusive interview will be aired tonight. At dahil ayaw mong manood ako ng TV dito sa kuwarto mo, puwedeng umuwi ako mamaya?”

Kahit papaano ay nabawasan ang bigat sa dibdib ni Pinky, pero hindi ganoon kadalang tuluyang mawala ang galit niya.

“Alam mo namang hindi mo kailangang bantayan ako nang buong araw. I appreciate everything, Love, pero alam kong may mga responsibilidad ka rin. Lagi namang 'andiyan ang nurse. At kaya ko nang gamitin iyang saklay para pumasok sa CR.”

Sabay silang napatingin sa bumukas na pinto. Napatikom ang bibig ni Pinky nang makitang si Hugo ang pumasok sa hospital suite niya.

“May bibilhin—” Pero hindi naituloy ni Lovella ang rasong umalis nang pigilan niya ang kamay nito.

“Huwag kang umalis.”

Hugo didn't seem to mind. “S'abi ng doctor, puwede ka nang umuwi bukas,” anito. Hindi siya sumagot. Alam niyang hindi na naman maganda ang lalabas sa kanyang bibig kaya nagpigil na lang siya. “S'abi ni Lovella, wala ka raw kasama sa bahay mo. Naisip ko, mas maganda yata kung tumuloy ka muna doon sa bahay ko.”

“Ang bait mo naman...” Sa pagkakataong ito ay ni hindi na siya nag-isip bago nagsalita. “Ano'ng akala mo sa akin, makukuha sa mga paganyan-ganyan?”

Bago pa nakapagsalita ang binata, tumunog ang cellphone nito na kaagad nitong sinagot.

Awang ang mga bibig nina Pinky at Lovella nang pasimpleng tumango sa kanila si Hugo at lumabas ng silid.

“Antipatikong 'yun!” gigil na sabi niya.

“Oh, my gosh! This is so perfect!” tili ni Lovella.

“Hinahamon yata ako ng hinayupak!”

“Umaayon lahat pabor sa iyo!”

“At bakit naman ako sasama sa bahay niya?” asik ng dalagang wedding planner.

“Habang nasa pangangalaga niya, akitin mo siya para mabuntis ka!”

“What!” Halos mahulog siya sa kama nang pumasok sa kukote niya ang tinatakbo ng litanya ng kaibigan.

“Ano pa ba’ng hahanapin mo? Alam mong mabuting pamilya ang pinanggalingan niya. Wala rin naman siyang criminal record. Pero bale-wala ang mga iyan. Ang importante sa lahat, ang ganda ng lahi niya! Jackpot ito, Pinky! Jackpot!”

“Nababaliw ka ba?” halos pabulong na tanong niya, pero nagsimulang maglakbay ang kanyang imahinasyon.

Lumapit sa kanya si Lovella, hinawakan pa ang mga kamay niya na para bang sa paraang iyon ay maipakita ang pagkaseryoso nito.

“Ikaw ang nababaliw kung hindi ka sasang-ayon sa akin. Ikaw ang nababaliw kung hindi mo susungaban ang oportunidad na ito.”

Biglang napatawa nang mahina si Pinky. “Oh, my gosh... I can just imagine. Uuwi ako sa bahay niya, and then what? Iika-ika akong rarampa sa harapan niya para maakit siya?”

Natapik nito ang noo. “Oo nga, ano?” Parang mapapangiwi pa nang i-picture iyon sa isipan. “Turn off.”

“In the first place, there’s still that unanswered question kung bakit hindi natuloy ang kasal,” aniya. “So huwag nating isiping perfect ang taong iyon. There must be something wrong with him.”

“Hindi kaya.” Nangislap ang mga mata ni Lovella. “Maliit ang ano niya?” At napabunghalit ito ng tawa.

Gayon na lang ang pag-iling niya. “That can’t be!” Pero maging siya ay napahagik hik na rin.

Parang mga batang nahuli sa kalokohan, kaagad silang napatigil nang muling pumasok si Hugo sa silid.

At marahil ang pagnanais ni Pinky na liwanagin ang sitwasyon ang dahilan, kaya hindi niya napansin ang pagkaaligaga nito. “Hoy! Huwag kang assuming na magpapaalaga ako sa iyo. May sariling bahay kaya ako,” mayabang na sabi niya. Hah! Baka isipin nitong charity case siya!

Maliit lang ang naiwang bahay sa kanya ng nanay niya pero sa kanya iyon. Natatanging pamana sa kanya.

Noon niya napansin ang pamumula ng mukha ng lalaki. Natigilan si Pinky.

“What?” Puno ng suspetsang tiningnan niya ito nang derecho. Napalunok si Hugo.

“Your house...” parang maiihing sabi nito. “It’s on fire.”

“You must be joking,” matigas ang boses na saad niya.

Napakagat-labi si Hugo.

Pinky stared at him and knew he was telling the truth. Bahagya pa siyang napailing dahil hindi

makapaniwala.

Ganoon na lang ba kamalas ang buhay niya? Napurnada ang big time project niya, naaksidente siya, at ngayon ay nasusunog raw ang bahay niya.

Nasabunutan niya ang buhok. Pagkuwa'y inapuhap ng isang kamay ang unan at hinila iyon para itapal sa mukha saka pinawalan ang malakas na pag-iyak.



Chapter Three



Nagsimula ang sunog sa kapitbahay niya. Mabuti na lamang at hindi naabo ang kanyang bahay.

Gayunpaman, hindi pa ito maaaring tirhan ni Pinky hangga't hindi pa naaayos nang mabuti. Na hindi madali dahil mangangailangan iyon ng malaking halaga.

Si Lovella na kaagad nagtungo roon ay iniuwi ang mahahalagang gamit na naisalba ng mga kapitbahay niya. Inalok siyang sa bahay nito umuwi, pero tinanggihan niya dahil ayaw niyang maging sagabal sa privacy nito at ang live-in partner na si Harold.

“Well, I’m sure aalukin ka uli ni Hugo.”

“Tumigil ka nga! Higit sa lahat, ayoko ko iyong kinaaawaan ako!”

“Eh, saan ka naman pupunta kung tatanggitan ka d’yan? May pang-hotel ka?” Pinandilatan pa siya nito.

“Sa boutique na lang ako.”

“Sira ka ba? Nasa third floor iyon at madalas pumapalya ang elevator.”

“Patayin mo na lang ako at ipalibing,” madramang sabi niya.

“Tse! Gagawin mo pa akong kriminal.”

Bumukas ang pinto at napigil ni Pinky ang paghinga nang pumasok si Hugo sa silid niya.

“Alam mo, kasalanan mo lahat ng ito!” kaagad na bira niya.

Sinenyasan siya ni Lovella na manahimik, pero hindi niya ito pinansin.

“Kung wala sana ako dito sa ospital, marahil hindi nadamay ang bahay ko sa sunog! Baka nagawa ko pa iyong iligtas!”

Umikot ang eyeballs ng kanyang kaibigan. Umaktong hinimatay at naupo sa sofa.

Parang hindi naman pumasok sa utak ng lalaki ang mga pinagsasabi niya. Inilapag nito sa mesa ang hawak na bag na may lamang takeout food.

“We’ll proceed as planned. Iuuwi kita sa bahay ko.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Planned? Kelan pa natin ito naplano? N’ong tulog ako?”

“Pinky, please.” Kung hindi lang parang uusok ang ilong niya sa galit at desperasyon, baka napansin niya pang mas guwapo ito pag nakikiusap. “Wala ka namang choice talaga, kaya’t huwag na nating pahirapin pa ang sitwasyon.”

“So, gan’on? Pinahihirapan kita? Ano’ng tawag mo sa pasa sa mukha ko at itong mga benda sa paa ko? Hindi ba paghihirap ito?”

“I know I am to blame for the reason why you are here and I am so sorry. But please...” Derecho

ang mga matang tumingin ito sa kanya at walang kaabug-abog na nagpatuloy sa mahina ngunit madiing boses. “Stop being such a hard-headed ass and let’s compromise.”

Napaawang ang mga labi niyang tumingin dito. Hard-headed ass? Siya?

Pinukol siya ng mapang-akusang tingin ni Lovella na para bang ito ang sinisisi at nakarinig ng ganoong mga salita.

“Pinky, I have just become the laughingstock of the whole country when Bianca admitted that she ditched me in the church. Sa totoo lang, hindi iyon madaling tanggapin ng pride ko, pero hindi ko inaalala ang pride ko dahil mas inaalala ko ang kalagayan mo.”

Kaagad naisantabi ang galit ng dalaga. “Why did she ditch you, in the first place?” puno ng curiosity ang boses na tanong niya.

“What?” Nagulat ang lalaki sa biglang pagbabago ng tono ng dalaga.

“Why did she ditch you? Ano’ng nagpabago sa isip niya?” She was dying to know.

Nagkibit-balikat ito. “Who knows?”

Napaismid siya. “Sinasantan mo ba siya?”

“Physically?” He was obviously repulsed by the thought. “Of course not! And emotionally? All I did was make her happy.” He smirked at his last comment as if he found it funny and disgusting.

“If you are so perfect, then it must have something to do with...”

Huli na nang mapagtanto niyang walang preno ang kanyang bibig. Huli na para pigilin ang paningin na madako sa bahaging iyon ng pantalon nito.

He heard it all. He saw it all. Pero ni hindi kumurap ang mga mata nito.

“If you are referring to what I think you are referring to, then let me tell you that I am very willing to prove to you that I am not lacking in that aspect of my anatomy. In fact, I’ve been told many times that it is one of my many assets.”

“That wasn’t me talking.” Lumipad na lahat ng pagmamalaki sa katauhan ni Pinky. Mahinang-mahina ang boses nang magsalita siya. “The truth is, I have a multiple personality disorder and that was one of my personalities taking over.”

Nakikita niya sa gilid si Lovella na halos hindi makahinga sa paimpit na pagtawa.

She wanted to cry. So badly.

Ngumiti si Hugo. “I’d like to get to know that personality better some time. At sa nakikita ko, magkakaroon kami ng pagkakataon. So, I’m going to settle the bills.” Binalingan nito si Lovella.

“Puwede mo na bang ihanda ang mga gamit niya? And her other personal things are in your house, right? May you bring them over to my house when

you have the time?”

“Of course.” Maubo-ubo ang kaibigan sa pagpipilit magpakaseryoso.

“Excuse me po?” papansin ni Pinky pero walang pumansin sa kanya.

“Ano’ng gusto mong kainin? Ipapaluto ko kay Aling Melanie. Siya ang kasama ko sa bahay.”

“Caviar.” Nanggigigil pero pilit siyang ngumiti nang sarkastiko.

Nagkibit-balikat ang binata. “Okay.”

Napaiyak siya sa kahihyan at kalituhan pagkalabas ni Hugo ng silid.

“Patayin mo na ako....” pakiusap niya sa kaibigan.

Muling napabunghalit ng tawa si Lovella. “Imagine, you actually said those words... at tumingin ka pa sa ‘ano’ niya! Bastos kang bruha ka!”

With that, hindi na rin napigilan ni Pinky ang mapatawa. Nang umiiyak, siyempre.



His house in Antipolo was quite secluded by high fences. Kahit papaano ay nakahinga nang mabuti si Pinky. Magkakaroon siya ng privacy.

Kahit naklaro na ang pangalan niya sa paglabas ni Bianca, muling magkakaroon ng issue kapag lumabas na umuwi siya sa tahanan ni Hugo.

Sinubukan nitong alalayan siya sa paglalakad

matapos siyang tulungang umibis ng sasakyan, pero hindi niya ito pinansin.

Nagkunwaring kayang-kaya niya kahit pa parang mamamaga na ang mga kili-kili niya dahil sa hindi pa nasasanay sa saklay.

Nalula siya pagpasok sa loob at maramdaman ang karangyaan ng malaking bahay. Simple ang furniture pero halatang mamahalin.

“Mag-isa ka lang nakatira dito?”

“Kasama ko si Aling Melanie. Pero tuwing Biyernes ng hapon ay umuuwi siya sa kanila, bumabalik na lang pag Linggo ng gabi.”

Meaning bukas ng hapon, aalis si Aling Melanie at silang dalawa lang ang matitira roon?

Problemadong naupo siya sa pinakamalapit na sofa.

“I need your full payment for my services dahil kalangan ko nang simulang ipaayos ang bahay ko.”

“Nakahanda naman na ang tseke, I also added a little amount dahil sa abalang naidulot ko sa iyo. Pero huwag kang masyadong magmadaling makaalis dito kung iyan ang plano mo, mas mabuting magpagaling ka muna nang maayos. At least, dito ay masasamahan kita.”

“Wala ka bang trabaho?”

“I was supposed to be on my honeymoon leave, remember?”

Natahimik si Pinky.

“I’ll show you to the guest room.”

Nag-iisa lang ang guest room sa unang palapag ng bahay. It had all the amenities of a first-class hotel room.

“Advice ng doctor na maglakad-lakad ka para ma-exercise, pero kapag pagod ka talaga ay pindutin mo lang itong intercom. I had it installed yesterday. Si Aling Melanie ang makakasagot sa iyo,” pagbibigay-alam ni Hugo.

She vowed never to use it. Hindi kaya siya imbalido!

“Yesterday? Siguradong-sigurado kang uuwi ako dito?”

Nagkibit-balikat ang lalaki. Napakunot-noo ito nang marinig ang pagbubukas ng gate.

“That must be Falco.”

“Tinawag mo ang kuya mo?” nag-panic na tanong ni Pinky at lumikot ang kanyang mga mata na para bang naghahanap ng pagtatagan.

“You said you wanted to eat caviar. Falco is expert in everything that involves food.”

Narinig nga niya ang tungkol doon.

“Hindi mo man lang ba naisip na I was being sarcastic when I said that? Hello, ni hindi ko nga alam kung ano ang lasa ng caviar!”

“You don’t?” Halatang hindi ito makapaniwala. Na para bang ang rebelasyon niya ay isa siyang anghel na bumaba mula sa langit.

OA! Napaismid si Pinky. “Hindi po lahat ng nilalang ay kasing-palad ninyo. Hindi ka ba lalabas? Hindi ba ako puwedeng magkaroon ng privacy?”

“Well, I’ll see you later then.”



Ultimo pagpunta ng dining area ay kalbaryo. Sinundo siya ni Aling Melanie para sabihing nakahanda na ang hapunan at nag-alok na alalayan siya pero tinanggihan niya.

Nakilala na ni Pinky si Falco nang sukatan niya ito noon ng damit. Tumayo ang mga lalaki nang pumasok siya sa komedor. Kapwa tinangka ng mga ito na tulungan siyang makaupo.

“Please,” nagpilit ng ngiti na tanggi niya. “Kailangan ko talagang i-practice ito nang ako lang.” Hinila niya ang isang bakanteng upuan at doon ipinatong ang mga saklay.

At dahil ngayon lang uli sila nagkita ni Falco, halatang natitigilan pa rin ito kapag nakikita ang hitsura niya dahil sa tinamo niya sa aksidente.

Hindi alam ni Pinky kung mapapahiya o maawa sa reaction nito. Napatawa na lang siya.

“S’abi naman ng doctor, hindi daw ako mamamatay. Relax,” aniya.

“Dapat idemanda mo si Hugo.”

“Thank you.” Inirapan ni Hugo ang nakatatandang kapatid.

“Pinag-iisipan ko pa nga lang, eh. May kilala ka

bang magaling na abogado?”

Umikot ang eyeballs ni Hugo. “Kung paplanuhin n’yo ang pagdedemanda sa akin, kindly do it somewhere else kung saan hindi ko maririnig.”

Napatawa si Falco. “Let’s eat, Pinky. You’ll find my caviar is one of a kind. S’abi ni Hugo na special request mo daw ito dahil hindi mo pa natitikman.”

Inirapan niya si Hugo. Kailangang ipagdiinan?

Hugo served her plate and showed her how to eat it.

She stared at the unfamiliar item on her saucer. Noong una ay ayaw pa niyang maniwalang kinakain talaga iyon. Pero dahil puno ng expectation ang mukha ni Falco, naglakas-loob siyang kumilos.

Matapos ang dalawang subo, nilagyan niya ng tubig ang kanyang baso at uminom nang marami.

There was no way she was going to admit that the caviar didn’t fit her lowly tastebuds.

So she smiled and nodded then said, “This is superb!”

“You like it?” tanong ni Hugo.

“Uh-huh.”

“Then why does it look like you’re going to throw up anytime?” ani Falco.

Pinky smiled sheepishly. “Obvious na obvious?” Tumango ang magkapatid. “Well, in that case, it would be okay to say I’ll never get anywhere near

a caviar again. If you don't mind, I'll go straight to the main course." At tinanggap niya ang bowl na iniabot ni Hugo, naglalaman iyon ng karne ng manok.

